Rescinded: This document has been formally rescinded by the Department and remains available on the web for historical purposes only.

## Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos

## *Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil*

# Sulat sa mga Mahal na Kasamahan: Sekswal na Karahasan Tungkol Dito, Buod, at mga Iba pang Impormasyon

## Abril 4, 2011

### Istadistika ng Sekswal na Karahasan at mga Epekto

- Ang mga sekswal na karahasan ay malawakang hindi sapat na naiuulat.[1] Gayunman, makikita sa mga datos na ang mga batang estudyante ng ating bansa ay maagang nakakaranas ng mga sekswal na karahasan at malaki ang posibilidad na sila'y aatakihin bago pa sila magtapos ng pag-aaral. Halimbawa:
  - Makikita sa mga bagong datos ang hindi kukulangin sa 4,000 naiulat na pangyayari ng sekswal na pag-abuso at mahigit sa 800 ulat ng panggagahasa at tangkang panggagahasa na nangyayari *sa mga pampublikong mataas na paaralan sa ating bansa.*[2] Totoo, ~~oras na~~ ang mga batang babae ay magtapos ng pag-aaral sa mataas na paaralan, higit sa isa sa sampu ay maaaring pisikal na pinuwersang makipag-seks sa loob o sa labas ng eskwelahan.[3]
  - Pagtungtong ng mga kabataang babae sa *kolehiyo*, kulang-kulang sa 20% sa kanila ang magiging biktima ng pagtatangka o aktuwal na sekswal na karahasan, at sa mga lalaki ay humigit-kumulang sa 6%.[4]
- Ang mga biktima ng mga sekswal na karahasan ay hindi malayong magdusa sa pag-aaral at bunga ng depresyon, sakit dahil sa stress bunga ng trauma (post-traumatic stress disorder), malulong sa pag-inom at droga, at mag-isip na magpakamatay.[5]

### Bakit nagpapadala ang ED ng Sulat sa mga Mahal na Kasamahan (Dear Colleague Letter-DCL)?

Title IX ng mga Amyenda sa Edukasyon ng 1972 [Title IX of the Education Amendments of 1972](“Title IX”), 20 U.S.C. Sec. 1681, *et seq.*, ipinagbabawal ang diskriminasyon sa kasarian sa anumang programa o aktibidad na pang-edukasyon na may pondong pederal. Ang ED ay nagpapadala ng DCL upang ipaliwanag na sakop ng mga kinakailangan sa Title IX ang sekswal na karahasan at para paalalahanan ang mga paaralan[6] ng kanilang mga

---

[1] Halimbawa, tingnan ang HEATHER M. KARJANE, ET AL., SEKSWAL NA ATAKE SA KAMPUS: ANO ANG GINAGAWA NG MGA KOLEHIYO AT Unibersidad Tungkol Dito 3 (Pambansang Institusyon para sa Katarungan, Disyembre 2005 [National Institute of Justice]).

[2] SIMONE ROBERS, ET AL., INDICATORS OF SCHOOL CRIME AND SAFETY 104, *sa* http://nces.ed.gov/pubs2011/2011002.pdf.

[3] EATON, D. K., KANN, L., KINCHEN, S., SHANKLIN, S., ROSS, J., HAWKINS, J., ET AL., YOUTH RISK BEHAVIOR SURVEILLANCE-UNITED STATES 2009, *Morbidity and Mortality Weekly Report*.

[4] CHRISTOPHER P. KREBS ET AL., THE CAMPUS SEXUAL ASSAULT STUDY FINAL REPORT xiii, 5-5 [Nat’l. Criminal Justice Reference Service], Oct. 2007), *sa* http://www.ncjrs.gov/pdffiles1/nij/grants/221153.pdf.

[5] Halimbawa, tingnan ang WORLD HEALTH ORGANIZATION, WORLD REPORT ON VIOLENCE AND HEALTH 162-164 (Etienne G. Krug, et al. eds., 2002), *sa* http://whqlibdoc.who.int/publications/2002/9241545615_eng.pdf; CENTERS FOR DISEASE CONTROL, UNDERSTANDING SEXUAL VIOLENCE: FACT SHEET 1 (2011), *sa* http://www.cdc.gov/violenceprevention/pdf/SV_factsheet_2011-a.pdf.

[6] Sa "Mga Paaralan" ay kasama ang lahat ng mga tumatanggap ng pondong pederal at kasama ang mga distrikto ng paaralan, mga kolehiyo, at mga unibersidad.

Rescinded: This document has been formally rescinded by the Department and remains available on the web for historical purposes only.

responsibilidad na kaagad gumawa ng mga epektibong hakbang para makatugon sa sekswal na karahasan ayon sa mga kinakailangan sa Title IX. Sa sulat na ito, ang ibig sabihin ng sekswal na karahasan ay ang mga pisikal na aktong sekswal na ginawa laban sa isang tao o sa tao na walang kakayanang magbigay ng pahintulot. Maraming akto ang bumabagsak sa kategorya ng sekswal na karahasan, kasama na ang panggagahasa, sekswal na pag-atake, sekswal na pag-aabuso, at sekswal na pamimilit.

## Ano ang ginagawa ng DCL?

- Nagbibigay ng gabay tungkol sa mga natatanging usapin na lulutang sa mga kaso ng sekswal na karahasan, tulad ng papel ng mga imbestigasyon ng kriminal at ang malayang responsibilidad ng paaralan na mag-imbestiga at tumugon sa sekswal na karahasan.
- Nagbibigay ng gabay at mga halimbawa ng mga mahahalagang kinakailangan na sakop ng Title IX at kung ano ang kaugnayan ng mga ito sa sekswal na karahasan, tulad ng mga kinakailangan sa paglalathala ng patakaran laban sa sekswal na diskriminasyon, pagtatalaga ng koordineytor para sa Title IX, at pagtatakda at paglalathala ng mga pamamaraan para sa pagdinig.
- Tinatalakay ang mga gawain ng mga paaralan upang maiwasan ang sekswal na karahasan.
- Tinatalakay ang mga kuneksyon sa pagitan ng Title IX, FERPA, at ng Clery Act[7]kung paano ito nakaugnay sa karapatan ng nagrereklamo na malaman ang kinalabasan ng kanyang reklamo, kasama ang mga nararapat na parusa na kinakaharap ng maysala.
- Nagbibigay ng mga halimbawa ng mga solusyon at mga estratehiya para sa pagpapatupad na maaaring gamitin ng mga paaralan at ng Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (Office of Civil Rights) upang tumugon sa sekswal na karahasan.

## Anu-ano ang mga obligasyon ng paaralan sa ilalim ng Title IX tungkol sa sekswal na karahasan?

- Sa oras na malaman ng paaralan o magkaroon ang paaralan ng kaukulang kaalaman tungkol sa posibleng pangyayari ng sekswal na karahasan, kailangang gumawa agad ito nang mabilis at angkop na aksiyon upang imbestigahan o sa anupaman ay alamin kung ano ang nangyari.
- Kung nangyari ang sekswal na karahasan, kailangang gumawa ang paaralan ng mga mabibilis at epektibong hakbang upang tapusin ang sekswal na karahasan, pigilan ang pag-ulit nito, at tugunan ang mga epekto nito, sumasailalim man ang sekswal na karahasang ito o hindi sa isang kriminal na imbestigasyon.
- Ang paaralan ay kailangang gumawa ng mga hakbang upang protektahan ang nagrereklamo kung kinakailangan, kasama ang mga pansamantalang hakbang na gagawin bago ang pinal na kinalabasan ng imbestigasyon.
- Ang paaralan ay kailangang maglaan sa mga estudyante ng mga paraan sa pagdinig tungkol sa sekswal na diskriminasyon, kasama ang mga reklamo ukol sa sekswal na karahasan. Dapat isama sa mga pamamaraang ito ang pantay na pagkakataon para ang dalawang tao ay makapagharap ng mga saksi at iba pang mga katibayan at ang parehong karapatan para sa pag-apela.
- Ang mga pamamaraan ng paaralan para sa pagdinig ay kailangang gumamit ng "preponderance of evidence" o sapat na bilang ng katibayang iniharap laban sa inireklamo bilang batayan nang pagdesisyon sa mga reklamo tungkol sa sekswal na diskriminasyon.
- Ang paaralan ay kailangang magbigay ng pasabi sa dalawang partido ukol sa kinalabasan ng reklamo.

## Paano ako makakahingi ng tulong sa OCR?

[7] Ang Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) ay nasa 20 U.S.C. Sec. 1232g, at ang Jeanne Clery Disclosure of Campus Security and Campus Crime Statistics Act (Cleary Act) ay nasa 20 U.S.C. Sec. 1092(f).

Rescinded: This document has been formally rescinded by the Department and remains available on the web for historical purposes only.

Ang OCR ay nagbibigay ng teknikal na tulong upang magawa ng mga paaralan ang boluntaryong pagsunod sa mga batas ukol sa mga karapatang sibil na ipinatutupad nito at nakikipag-ugnayan sa mga paaralan upang makapagbuo ng mga solusyon sa pagpigil at pagtugon sa diskriminasyon.Ang paaralan ay kailangang makipag-ugnayan sa tanggapan ng OCR na nagpapatupad ng paghahadog ng serbisyong teknikal na tulong sa nasasakupan ng hurisdiksyon nito.Para sa impormasyon kung sino ang tatawagan, mangyari lamang bisitahin ang website ng ED sa http://wdcrobcolp01.ed.gov/CFAPPS/OCR/contactus.cfm.

Ang reklamo ukol sa diskriminasyon ay maisasampa ng sinumang naniniwala na ang paaralang tumatanggap ng mga pera ng pederal ay gumawa ng diskriminasyon laban sa isang tao dahil sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, kapansanan, o edad.Ang tao o organisasyon na nagsasampa ng reklamo ay hindi kailangang mismong siyang biktima ng diumanong diskriminasyon, ngunit maaaring magreklamo sa ngalan ng isa pang tao o grupo. Para sa impormasyon kung paano magsampa ng reklamo sa OCR, bisitahin ang http://www2.ed.gov/about/offices/list/ ocr/complaintintro.html o tumawag sa Pangkat para sa Serbisyo sa mga Kustomer ng OCR sa 1-800-421-3481.